

## **Aralin 9 – Responsableng Pamamahala**

Sa nakaraang pag-aaral, ikaw ay ginanyak na gawin ang iyong responsibilidad sa komunidad. Kung ikaw ay tutugon sa hamon na ito, marahil hindi magtatagal at ikaw ay mabibigyan ng isang responsibilidad na nangangailangan ng responsableng pamamahala. Sa pagkakataong ito, kinalailangan mong matotohan ang klase nang pamamahala na ayon sa nais ng Diyos.

Ang responsableng pamamahala ay kakaiba sa pamamahala na alam ng sanlibutan. Ang pangunahing kaibahan ay ang motibasyon. Ang sentro ng motibasyon ng responsableng pamamahala ay ang pag-ibig sa Diyos at kapwa. Ito ang nagbibigay lakas upang ang mananampalatayang lider ay maglingkod ng walang pag-aalinlangan.

Bukod sa motibasyon, mapapansin rin ang responsableng pamamahala sa mga sumusunod na mapagkakilanlan:

Una, ang pagbibigay ng pinakamahusay na gawa. Ang mga responsableng tagapamahala ay gumagawa para sa Diyos tulad ng iniutos sa atin sa Colosas 3:17 FSV, *“At anuman ang inyong gagawin, sa salita man o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Hesus”*.

Pangalawa, ang hangaring ng responsableng tagapamahala ay hindi panandalian lamang bagkus pang walang hanggan. Ito ay kakaiba sa ibang tagapamahala. Dahil ang ginagawa ng responsableng tagapamahala ay di lamang paglilingkod sa kapwa kundi unang-una paglilingkod sa Diyos. At ang benepisyo ng paglilingkod sa Diyos ay di matatapos dito sa lupa. Sa kalangitan natin matatanggap ang gantimpala ng ating mabuting paglilingkod; at ang gantipalang ito ay magpawalang hanggan.

Pangatlo, ang responsableng pamamahala ay may gabay ng Banal na Espiritu. Ang responsableng tagapamahala ay lumalakad sang-ayon sa direksyon ng Banal na Espiritu. Bawat desisyon ay inuulan ng maigting na panalangin. Bawat desisyon ay sang-ayon sa prinsipyo ng Salita ng Diyos. At may bonus pang payo sa mga iba pang responsableng tagapamahala na lumalakad kasama ang Panginoon.

Hindi mahirap maging responsableng tagapamahala. Ngunit kinakailangang ito ay dumaan sa proseso. Ang proseso ay ang pag-aaral ng Salita ng Diyos. Mahirap malaman ang kalooban ng Diyos at mahirap marinig ang direksyon ng Banal na Espiritu kung di natin inaalam ang naisin Niya na matatagpuan sa kanyang Banal na Kasulatan, ang Biblia. Aking minumungkahi, magsimulang seryosohin ang pag-aaral ng Biblia. Malay mo, bukas makalawa, ikaw ay tawagin upang maging responsableng tagapamahala.

### **Pagbulay-bulayan at Gawin**

1. Kung ikaw ay tatawagin para maging responsableng tagapamahala, nakahanda ka ba?
2. Anong paghahanda ang kailangan mong gawin upang maging responsableng tagapamahala?
3. Ikaw ba ay nag-aaral o nagbabasa man lang ng Biblia araw-araw? Kung hindi, simulan ito ngayong araw din.